



PATNUBAY SA MISA

10 Setyembre 2017

Ika-23 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

ARAW NG MGA LOLO AT LOLA

MASUYONG PAGWAWASTO

Sa lipunan nati'y nariyan ang walang malasakit sa ginagawa ng ating kapwa at ang panghihimasok sa mga buhay na pansarili ng mga tao para lamang makatuklas at maglantad pagkatapos ng mga lihim na pagkakasala o kapintasan.

Di sinasang-ayunan ng isang tunay na disipulo ang alinman sa dalawang naturan. Dapat tayong magmalasakit sa ating kapwa at managot sa kanyang kapakanang espirituwal at pisikal.

Dahil sa ganitong malasakit na pangkapatid, pananagutan natin ang masuyong pagwawasto sa ating kapwa kung kailangan. Ito'y maaaring maging malaking hamon pagkat kaunti lamang ang marunong magwasto sa tunay na Kristiyanong paraan. Kaunti rin lamang ang marunong o maluwag tumanggap ng pagtutuwid. Sa Eukaristiya ngayon, hilingin natin ang biyaya para magawa natin ang dalawang ito nang buong kababaang-loob at katatagang Kristiyano.

Ipinananalangin din natin ngayon ang ating mga lolo't lola sa pagdiriwang natin ng kanilang araw.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ikaw ay tama at banal sa tapat mong kautusan, Panginoong aming mahal. Kami'y iyong pag-ukulan ng lugod mo't kasiyahan.

Pagbati

P— Ang biyaya't kapayapaan ng Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B— At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P—Sa paghahanda natin para ipagdiriwang ang mga Banal na Misteryo, alalahanin natin ang ating mga pagkakasala, lalo na ang kapabayaan at ang pagtanggap nating makinig sa mga panawagan ng Diyos para sa pagbabalik-loob. *(Manahimik saglit.)*

P—Para sa mga kapabayaan nating ipaalaala sa ating mga kapatid ang kanilang mga tungkulin, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Para sa mga pagtanggap natin sa paalaala ng ating kapwang ituwid natin ang ating maling gawi, Kristo, kaawaan mo kami!

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa mabilis nating pagwawasto sa ating kapwa ngunit mabagal namang pag-amin sa ating mga pagkukulang at pagtutuwid sa mga ito, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen!

Papuri

B—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, kaming mga tinubos mo ng kinupkop ay tunguhan mo ngayon sa iyong kagandahang-loob upang sa pagsampalataya sa Anak mong si Kristo makamtan ang kalayaan at pamana sa piling mo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Ez 33:7-9

Isa sa mga pangunahing tungkulin ng isang propeta ay ipaalala sa mga nagkakasala na sila'y parurusahan kung di sila magsisisi. Gayon ang bokasyon ni Ezekiel, na propetang sinugo ng Diyos para maging "bantay sa bayang Israel."

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Ezekiel

Ito ang sinasabi ng Panginoon: "Ikaw, Tao, ang ginagawa kong bantay ng Israel; anumang marinig mo sa akin ay sabihin mo sa kanila bilang babala.

Kapag sinabi ko sa taong masama na siya'y mamamatay at di mo ito ipinaabot sa kanya upang makapagbagong-buhay, mamamatay nga siya sa kanyang kasamaan ngunit pananagutan mo ang kanyang kamatayan. Ngunit kapag binabalaan mo ang masama gayunma'y hindi rin nagbagong-buhay, mamamatay siyang makasalanan ngunit wala kang dapat panagutan."

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 94

B—Panginoon'y inyong dinggin, huwag n'yo s'yang salungatin!

R. M. Velez



* **Tayo ay lumapit sa ting Panginoon, siya ay awitan, ating papurihan**

ang batong kublilian nati't kalakasan. Tayo ay lumapit, sa kanyang harapan na may pasalamat. Siya ay purihin ng mga awiting may tuwa at galak.

B.

* **Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang, lumuhod sa harap nitong Panginoon sa ati'y lumalang. Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang, mga tupa tayong inaalagaan.**

B.

* **Ang kanyang salita ay ating pakikngan: "Iyang inyong puso'y huwag patigas, tulad ng ginawa ng inyong magulang nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa. Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang, bagamat nakita ang aking ginawang sila'ng nakinabang."**

B.

Ikalawang Pagbasa Ro 13:8-10

Matapos tayong paalalahanan sa ating mga tungkulin sa Diyos, pinaalalahanan din tayo ni San Pablo sa ating mga tungkulin sa ating kapwa. Ang buod ng kanyang pangaral ay pagpapangibabaw ng pagmamahal para sa lahat pagkat ito ay siyang pagtupad sa kautusan.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid: Huwag kayong magkaroon ng sagutin kaninuman, liban sa saguting tayo'y mag-ibigan; sapagkat ang umiibig sa kapwa ay nakatutupad sa kautusan.

Ang mga utos, gaya ng, "Huwag kang mangangalunya; Huwag kang papatay; Huwag kang magnanakaw; Huwag kang mag-iimbot;" at ang alinmang utos na tulad ng mga ito ay nabubuo sa ganitong pangungusap, "Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili." Ang umiibig ay hindi gumagawa ng masama kaninuman, kaya't ang pag-ibig ang kabuuan ng kautusan.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya 2 Cor 5:19

B—Aleluya! Aleluya!

Pinagkasundo ni Kristo ang Diyos at mga tao; kaya't napatawad tayo.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 18:15-20

Ang marapat na pagtutuwid sa kapatid na nagkasala ay tu-

winang pagsubok sa katapatan ng ating pagmamahal sa kapwa. Sa sipi ng Ebanghelyo ngayon, binibigyan tayo ni Hesus ng mga simpleng gabay: pag-iingat, hinahon, at dasal.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad:

"Kung magkasala sa iyo ang kapatid mo, puntahan mo siya at kausapin nang sarilinan. Kapag nakinig siya sa iyo, ang pagsasama ninyong magkapatid ay napapanauli mo sa dati at napanunumbalik mo siya sa Ama. Ngunit kung hindi siya makinig sa iyo, magsama ka pa ng isa o dalawang tao upang ang lahat ng pinag-usapan ninyo ay mapatunayan ng dalawa o tatlong saksi. Kung hindi siya makinig sa kanila, sabihin mo ito sa pagtitipon ng simbahan. At kung hindi pa siya makinig sa natitipong simbahan, ituring mo siyang Hentil o isang publikano.

Sinasabi ko sa inyo: anumang ipagbawal ninyo sa lupa ay ipagbawal sa langit, at anumang ipahintulot ninyo sa lupa ay ipahintulot sa langit.

Sinasabi ko pa rin sa inyo: kung ang dalawa sa inyo rito sa lupa ay magkaisa sa paghingi ng anumang bagay sa inyong panalangin, ipagkakaloob ito sa inyo ng aking Amang nasa langit. Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatiyon dahil sa akin, naroon akong kasama nila."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Ipinaaalaala sa atin ni Hesus na saanman may dalawa o tatlong natitipon sa ngalan niya, siya’y naroon kasama nila. Sinasabi rin niyang ano mang kahilingan sa ngalan niya ay tiyak na ipagkakaloob ng ating Amang nasa langit. Dahil sa ganitong pangako, manalangin tayo:

B –Ama, sa ngalan ni Hesus, dinggin Mo kami!

* Para sa Simbahang Panlahat: Huwag nawa siyang magsawang ipahayag ang Ebanghelyo ng pagbabalik-loob at pagpapatawad sa lahat ng bansa. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng nanunungkulan sa Simbahan: Nawa magiliw nilang mapaalalahanan ang mga mananampalataya laban sa kanilang mga kapabayaang moral. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat nating kapatid na lumalabag sa Utos ng Panginoon: Nawa dinggin nila ang panawagan para sa pagbabalik-loob. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga mapaghusga nang marahas: Huwag nawa silang makalimot sa Kristiyanong pagmamahal. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng lolo’t lola: Nawa pagkalooban sila ng mabuting kalusugan at ng kagalakan sa pagmamahal at kalinga ng kanilang mga anak at mga apo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa bawat isa sa atin: Nawa matuto tayong pakumbabang tumanggap ng pagwawasto at magtuwid sa ating kapwa nang may pagmamahal. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating sariling mga kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P –Panginoong Diyos, tinuruan Mo kaming maging propeta sa lahat naming mga kapatid, lalo na sa mga nangangailangan ng pagwawasto. Pagkalooban Mo kami ng kababaang-loob at tapang na kailangan para sa aming pagtupad sa tungkuling ito at sa gayo’y makatulong sa kanilang kaligtasan nang sila’y makabahagi sa Iyong Kaharian kung saan Ka nabubuhay at naghahari nang walang hanggan.

B –Amen!



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, ikaw ang gumagawa ng wagas na katapatan at kapayapaan. Ipagkaloob mong ang iyong kadakilaan ay aming handugan ng iyong minamarapat na aming maialay at nawa’y magkaisa kami sa pakikinabang sa banal na paghahaing ngayo’y ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo VII

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama’t di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Nilooob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami’y tunghayan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha’t ng

iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Kami’y usang nauhaw sa tubig na nasa bukal, ika’y pinananabikan, Diyos naming minamahal, tubig kang buhay ang alay.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa iyong salita at piging na banal ay iyong pinalalakas at iyong binubuhay. Pagindapatin mong kami’y makapakinabang sa buhay ng iyong Anak na para sa ami’y sarili niya ang alay bilang aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGWAWAKAS



P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin!

P—Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)
Bigyan nawa kayo ng kaba-baang-loob sa pagtanggap ng pagwawasto at katatagan sa

pagtutuwid ng pagkakamali.

B—Amen!

P—Gawin nawa kayo ng Panginoong matatayang na propeta sa inyong kapaligiran upang kayo’y maging kasangkapan para sa pagsisipi ng mga nagkasala.

B—Amen!

P—Puspusin nawa kayo ng Panginoon ng kanyang biyaya

tuwing kayo’y nagdarasal sa ngalan niya.

B—Amen!

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B—Amen!

P—Humayo kayo sa kapayapaan at maging kasangkapan nawa kayo ng pagmamahal ng Diyos para sa lahat.

B—Salamat sa Diyos!

Pag-ibig na Nagpapatawad at Nagtutuwid

Sa kanyang Unang Liham sa mga mananampalataya ng Corinto, ipinaliwanag ni San Pablo ang mga **kahingian ng tunay na Kristiyanong pagmamahal**. (*Sangguniin 1 Cor 13:4-7.*) Kung ang tao’y walang pagmamahal, ang pinakadakilang mangpagsasakripisyo ay wala ring saysay para sa kanya. (*Sangguniin 1 Cor 13:3.*)

Marami’t sarisari ang uri ng pagmamahal. Kung minsang “kakaiba” ang anyo nito, gaya ng paghindi sa mga maling pakiusap ng mga mahal natin, pagbibigay ng mapait na gamot sa isang anak na maysakit, o kung minsan pa nga’y pagputol sa bahagi ng katawang may kanser . . .

Isa pang napakahalagang tanda ng pagmamahal ang ibinibigay ng maikling siping hango kina Ezekiel at Mateo sa liturhiya para ngayon: **pagwawastong pangkapatid**. (*Sangguniin Ez 33:7 at Mt 18:15.*) Maganda sa pandinig, ngunit **paglalapat nito’y laging mahirap at malimit na masakit** pagkat di madali para sa halos lahat sa atin ang tumanggap ng pagwawasto, mapagsabihang **mali o masama ang ating ginawa** o na **tayo’y mali**. Sa katunayan, di dapat magkagayon, pagkat lahat tayo’y marupok at malimit tayong makagawa ng di dapat, o magpabaya sa dapat sana nating ginawa. Dapat nating paalalahanan sa ating mga tungkulin bagamat masakit sa ating amor propio na


tayo’y mapaalalahanan ng ganitong mga pangunahing katotohanan . . .

Pinadadalhan tayo ng Diyos ng mga paalala’t mga sugo di lamang sa pamamagitan ng ating konsiyensiya, kundi sa pamamagitan din ng mga tao. Ang mga ito ang Kanyang mga **tagapagpaalalang propetang nagbibigay sa atin ng mapait na gamot**.

Pagwawastong pangkapatid ay maaari ring mahirap sa mga tao mismong nagbibigay nito pagkat maaari silang maharap sa di-magandang reaksiyon, at maaari ring makaaway ang isang kaibigan dahil lamang sa kanilang “pagwawastong pangkapatid.” **Mahirap ngang totoo ang magtuwid ng kapatid nang buong pagmamahal, kung paanong napakahirap ding tumanggap nito nang buong kababaang-loob**.

Gayunman, ang pagbibigay ng pagtutuwid at payong kapatid ay bahagi ng dapat nating gawin alang-alang sa kaligtasan natin at ng ating kapwa. Bahagi ito ng ating pakikipagtulungan sa “pagdadala ng pasanin” ng ating kapwa (*sangguniin Ga 6:2*), gaano man kahirap kung minsan ng pagtupad sa ating tungkulin bilang propeta. **Tayo’y tagapag-ingat ng ating mga kapatid**, pagkat lahat tayo’y magkakapamilya. **Tumutulong tayo sa Diyos para sa ating kaligtasan sa pamamagitan din ng pagtulong natin sa Kanyang pagliligtas sa iba**.

Para sa malalaking diskuwento sa mga libro, mga magasin, kalendaryo, at iba pa . . .



Magsadya sa
Word & Life Publications
Booth # 221 sa

The 38th Manila International Book Fair

Setyembre 13-17, 2017 (10:00 n.u. – 8:00 n.g.)
SMX Convention Center
SM Mall of Asia Complex, Pasay City

This serves as your Entry pass.
FREE ENTRANCE FOR 1



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Dy, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua